# *Ang Buhay pagkatapos ng Kamatayan Yugto 5*
# *Ang Muling Pagkabuhay ni Cristo*

***"At pakabanalin kayong lubos ng Dios din ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagparito ng ating Panginoong Jesucristo." (1 Tesalonica 5:23 KJV)***

Marami ang itinuturo ng Banal na Kasulatan tungkol sa buhay pagkatapos ng kamatayan. Napag aralan na natin ang katawan, ang kaluluwa, at ang diwa ng tao. Ngayon ay pag aaralan pa natin ang Banal na Kasulatan upang malaman kung ano ang magaganap pagkatapos ng kamatayan.

Si Cristo sa Kanyang kamatayan sa krus, ang Kanyang kamatayan ay namatay, ngunit Siya ay nabuhay sa pamamagitan ng Espiritu, ***"18 Sapagka't si Cristo man ay nagbata ring minsan dahil sa mga kasalanan, ang matuwid dahil sa mga di matuwid, upang tayo'y madala niya sa Dios; siyang pinatay sa laman, <u>nguni't binuhay sa espiritu</u>; 19 Na iyan din ang kaniyang iniyaon at nangaral sa mga espiritung nasa bilangguan, 20 Na nang unang panahon ay mga suwail, na ang pagpapahinuhod ng Dios, ay nanatili noong mga araw ni Noe, samantalang inihahanda ang daong, na sa loob nito'y kakaunti, sa makatuwid ay walong kaluluwa, ang nangaligtas sa pamamagitan ng tubig: 21 Na ayon sa tunay na kahawig ngayo'y nagligtas, sa makatuwid baga'y ang bautismo, hindi sa pagaalis ng karumihan ng laman, kundi sa paghiling ng isang mabuting budhi sa Dios, sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ni Jesucristo; 22 Na nasa kanan ng Dios, pagkaakyat niya sa langit; na ipinasakop sa kaniya ang mga anghel at ang mga kapamahalaan ang mga kapangyarihan." (1 Pedro 3:18-22 KJV)*** Si Cristo ay namatay sa katawan ngunit ang Kanyang Espiritu ay buhay. Sa pamamagitan din ng Espiritung iyon Siya ay nagparito dati at nangaral sa mga tao na naroroon sa panahon ni Noe. Subalit yamang hindi sila nakinig sa Salita ni Cristo kaya ngayon sila ay nasa impierno; na suwail sa Dios at sa Kanyang Salita. ** Si Cristo ay nangaral sa kanila sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu sa pamamagitan ng ministerio ni Noe, ang mamahayag ng katuwiran na nagpahayag sa kanila. Pinapatunayan ng paliwanag na ito na si Cristo sa Kanyang Espiritu ay nangangaral sa mga tao sa pamamagitan ng ministeryo ni Noe. * Ang Espiritu ni Cristo ay nasa kay Noe, tulad ng sinasabi sa atin ng Banal na Kasulatan na ang Espiritu ni Cristo ay nasa mga propeta tulad ng mababasa natin dito*, ***"<u>10 Tungkol sa pagkaligtas na ito ay nagsikap at nagsiyasat na maigi ang mga propeta, na nangagsihula tungkol sa biyayang dadating sa inyo: 11 Na sinisiyasat ang kahulugan kung ano at kailang panahon itinuro ng Espiritu ni Cristo na sumasa kanila, nang patotohanan nang una ang mga pagbabata ni Cristo, at ang mga kaluwalhatiang hahalili sa mga ito</u>." (1 Pedro 1:10-11 KJV)***

Nang hiniling ng mga Judio kay Jesus na magbigay ng tanda sa kanila bago sila maniwala sa Kanya, Ibinigay Niya sa kanila ang tanda ni Jonas, ***"38 Nang magkagayo'y nagsisagot sa kaniya ang ilan sa mga eskriba at sa mga Fariseo, na nangagsasabi, Guro, ibig namin makakita ng isang tanda sa iyo. 39 Datapuwa't siya'y sumagot, at sinabi sa kanila, Isang lahing masama at mapangalunya ay humahanap ng isang tanda; at hindi siya bibigyan ng anomang tanda kundi ng tanda ng propeta Jonas: 40 Sapagka't kung paanong si Jonas ay napasa tiyan ng isang balyena na tatlong araw at tatlong gabi; <u>ay gayon ding mapapasa ilalim ng lupa na tatlong araw at tatlong gabi ang Anak ng tao</u>." (Mateo 12:38-40 KJV)*** Pagkatapos ng kamatayan ni Cristo ay nasa ilalim ng lupa sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu.

Ang salaysay ni Jesus sa ***Lucas 16*** ay maaring magpahayag sa atin kung anong matatagpuan sa ilalim ng lupa: ***"19 Mayroon ngang isang taong mayaman, at siya'y nagdaramit ng kulay ube at maselang lino, at sa araw-araw ay kumakain ng sagana: 20 At isang pulubi na ang pangala'y Lazaro, lipos ng mga sugat, ay inilalagay sa kaniyang pintuan, 21 At naghahangad na mapakain ng mga mumo na nangahuhulog mula sa dulang ng mayaman; oo, at lumapit pati ang mga aso at hinihimuran ang kaniyang mga sugat. 22 At nangyari, na namatay ang pulubi at siya'y dinala ng mga anghel sa sinapupunan ni Abraham: at namatay naman ang mayaman, at inilibing. 23 At sa Hades na nasa mga pagdurusa ay itiningin niya ang kaniyang mga mata, at natanaw sa malayo si Abraham, at si Lazaro ay nasa kaniyang sinapupunan. 24 At siya'y sumigaw at sinabi, Amang Abraham, maawa ka sa akin, at suguin mo si Lazaro, upang itubog niya sa tubig ang dulo ng kaniyang daliri, at palamigin ang aking dila; sapagka't naghihirap ako sa alab na ito. 25 Datapuwa't sinabi ni Abraham, Anak, alalahanin mo na ikaw ay tumanggap ng iyong mabubuting bagay sa iyong pamumuhay, at si Lazaro sa gayon ding paraan ay masasamang bagay: datapuwa't ngayon, ay inaaliw siya rini, at ikaw ay nasa kahirapan. 26 At bukod sa lahat ng ito, ay may isang malaking banging nakalagay sa pagitan namin at ninyo, upang ang mga magibig tumawid buhat dini hanggang sa inyo ay hindi maari, at gayon din walang makatawid mula diyan hanggang sa amin. 27 At sinabi niya, Ipinamamanhik ko nga sa iyo, ama, na suguin mo siya sa bahay ng aking ama; 28 Sapagka't ako'y may limang kapatid na lalake; upang sa kanila'y patotohanan niya, baka pati sila'y mangaparito sa dakong ito ng pagdurusa. 29 Datapuwa't sinabi ni Abraham, Nasa kanila si Moises at ang mga propeta; bayaang sila'y pakinggan nila. 30 At sinabi niya, Hindi amang Abraham: datapuwa't kung ang isang mula sa mga patay ay makaparoon sa kanila, sila'y mangagsisisi. 31 At sinabi niya sa kaniya, Kung di nila pinakikinggan si Moises at ang mga propeta, ay di rin***

***mangahihikayat sila, kahit ang isa'y magbangon sa mga patay." (Lucas 16:19-31 KJV)*** Makikita nating malinaw dito na habang ang mayamang lalaki ay nasa impierno, kabaligtaran sa nakita niya na ang pulubi ay nasa sinapupunan ni Abraham, ang dako ng lubos na kaligayahan o sa paraiso, na ang mga ang banal sa Lumang Tipan ay dinala. *Bakit ang mga banal ay pinanatili sa dakong iyon? Dahil hindi posible para sa mga banal na dalhin sa Dios bago bayaran ni Cristo ang halaga ng ating mga kasalanan*. Ngunit matapos bayaran ni Jesus ang halaga ng ating mga kasalanan, inilapit Niya tayo sa Dios, ***"Sapagka't si Cristo man ay nagbata ring minsan dahil sa mga kasalanan, ang matuwid dahil sa mga di matuwid, upang tayo'y madala niya sa Dios; siyang pinatay sa laman, nguni't binuhay sa espiritu;" (1 Pedro 3:18 KJV)*** *Mula sa salaysay ni Jesus tungkol sa mayamang lalaki sa* ***Lukas 16*** *mapapagpasyahan natin na ang dakong ito ng lubos na kaligayahan, o ng paraiso , ay kabaligtaran sa impierno bago bayaran ni Cristo ang halaga para sa ating mga kasalanan, sapagkat si Abraham ay naroon.*

Ang dakong iyon ng lubos na kaligayahan ay tinawag ding paraiso, ipinangako ni Jesus na ang dakong iyon para sa magnanakaw na nagsisi at hiniling kay Jesus na alalahanin siya: ***"42 At sinabi niya, Jesus, alalahanin mo ako, pagdating mo sa iyong kaharian. 43 At sinabi niya sa kaniya, Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Ngayon ay kakasamahin kita sa Paraiso." (Lucas 23:42-43 KJV)***

Ang sumusunod ay ang posibleng mga kahulugan ng 'Paraiso' na pinapatunayan ng Banal na Kasulatan:

1. Ang paraiso maaring maging isang halamanan gaya ng mababasa natin sa aklat ng Genesis. ***"8 At naglagay ang Panginoong Dios ng isang halamanan sa Eden, sa dakong silanganan: at inilagay niya roon ang taong kaniyang nilalang." (Genesis 2:8 KJV)***

2. Ang paraiso ay maaring maging bahagi ng Hades gaya sa salaysay ni Jesus, sa ***Lucas 16,*** na inakala ng mga naunang mga Judio na tirahan o tahanan ng mga kaluluwa ng mga taong relihiyoso hanggang sa panahon ng pagkabuhay na maguli, ngunit nauunawaan ng ilan na ito ay isang paraiso ng Langit.

3. Ang paraiso ay maaring maging Langit.

*Ang dakong ito ng lubos na kaligayahan o paraiso ay nasa Hades, sa ilalim ng lupa, na si Jesus ay pumaroon kasama ng Kanyang Espiritu matapos ng Kanyang pagkamatay, ay pinalitan ng pagkabuhay ni Jesus, sa paraiso sa pangatlong Langit.* Pagkatapos ng pagkabuhay ni Jesus ay nalukluk sa kanan ng Dios, ***"22 Na nasa kanan ng Dios, pagkaakyat niya sa langit; na ipinasakop sa kaniya ang mga anghel at ang mga kapamahalaan ang mga kapangyarihan." (1 Pedro 3:22 KJV)***

Sinulat ni Pablo ang tungkol sa paraiso, pagsasalarawan sa pangatlong Langit at ng paraiso gaya ng isang parehong dako gaya ng mababasa natin dito: ***"2 Nakikilala ko ang isang lalake kay Cristo, na mayroong nang labingapat na taon (maging sa katawan, aywan ko; o maging sa labas ng katawan, aywan ko; Dios ang nakaaalam) na inagaw hanggang sa ikatlong langit. 3 At nakikilala ko ang taong iyan (maging sa katawan, o sa labas ng katawan, aywan ko; Dios ang nakaaalam), 4 Na kung paanong siya'y inagaw sa Paraiso, at nakarinig ng mga salitang di masayod na hindi nararapat salitain ng tao." (2 Corinto 12:2-4 KJV)*** Ang pangatlong Langit at ang paraiso dito ay parehong lugar.

Ang aklat ng Pahayag ay inilarawan ang punong kahoy ng buhay na nasa paraiso ng Dios: ***"Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay, ay siya kong pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa Paraiso ng Dios." (Pahayag 2:7 KJV)*** Iyon ay kapareho sa punong kahoy ng buhay na itinanim ng Dios sa halamanan sa dakong silangan ng Eden. ***"8 At naglagay ang Panginoong Dios ng isang halamanan sa Eden, sa dakong silanganan: at inilagay niya roon ang taong kaniyang nilalang. 9 At pinatubo ng Panginoong Dios sa lupa ang lahat na punong kahoy na nakalulugod sa paningin, at mabubuting kanin; gayon din ang punong kahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang punong kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama." (Genesis 2:8-9 KJV)*** Ang punong kahoy ng buhay ay binanggit pa sa aklat ng Pahayag, ***"1 At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, na maningning na gaya ng bubog, na lumalabas sa luklukan ng Dios at ng Cordero, 2 Sa gitna ng lansangang yaon. At sa dako rito ng ilog, at sa ibayo nito, naroon ang punong kahoy ng buhay, na namumunga ng labingdalawang iba't ibang bunga, na namumunga sa bawa't buwan: at ang mga dahon ng punong kahoy ay pangpagaling sa mga bansa." (Pahayag 22:1-2 KJV)***

Ngayon daanan natin ang Banal na Kasulatan upang makita kung anong naganap sa panahon ng kamatayan ni Jesus? ***"50 At muling sumigaw si Jesus ng malakas na tinig, at nalagot ang kaniyang hininga. 51 At narito, ang tabing ng templo'y nahapak na nagkadalawa buhat sa itaas hanggang sa ibaba; at nayanig ang lupa; at nangabaak ang mga bato; 52 At nangabuksan ang mga libingan; at maraming katawan ng mga banal na nangakatulog ay nangagbangon; 53 At paglabas sa mga libingan pagkatapos na siya'y mabuhay na maguli ay nagsipasok sila sa bayang banal at nangapakita sa marami." (Mateo 27:50-53)*** Sa sandaling iyon ng

pagkamatay ni Jesus, ipinagkaloob ni Jesus ang kaluluwa, ang Kanyang Espiritu, at nagkaroon ng pagyanig na nagdulot ng pagkawasak ng mga bato sa lupa at ang ang mga libingan ay bumuka. Pagkatapos ng pagkabuhay ni Cristo noong ikatlong araw, ang mga katawan ng mga banal na natutulog, namatay para kay Cristo, sila'y nabuhay at nakita nila sila sa Jerusalem at nagpakita sa maraming tao.

Kaya, kasunod ng pagkabuhay ni Cristo, ay nangabuhay ang mga namatay na mga banal mula sa dako ng lubos na kaligayahan, sa Hades, o sa paraiso, na kalaunan sila'y sumunod, sa Kanyang pag akyat sa luklukan ng kanang kamay ng Dios Ama, upang mapasa paraiso, ang ikatlong Langit, at maparoon hanggang sa Kanyang pangalawang pagparito.

Si Cristo ay bumaba mula sa Langit, at matapos ng Kanyang kamatayan ay bumaba na binibihag ang pinakamababang dako sa sanglibutan na umaabot sa Hades sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, at kalaunan ay umakyat Siya sa pinakamataas na rehiyon, ***"8 Kaya't sinasabi niya, Nang umakyat siya sa itaas ay dinala niyang bihag ang pagkabihag, At nagbigay ng mga kaloob sa mga tao. 9 (Ngayon ito, Umakyat Siya, ano ito, kundi siya'y bumaba rin naman sa mga dakong kalaliman ng lupa? 10 Ang bumaba ay siya rin namang umakyat sa kaitaasan ng buong sangkalangitan, upang kaniyang mapuspos ang lahat ng mga bagay." (Epeso 4:8-10 KJV)*** Pagkatapos ng Kanyang katagumpayan sa krus si Jesus ay bumaba mula sa pinaka malalim na bahagi ng lupa, at nagdala ng mga bihag na kasama niya gaya ng kanyang tagumpay laban sa kanyang kaaway: dala dala kasama niya ang mga banal, yaong mga nasa lubos na kaligayahan, ang paraiso, sa bagong dako ng paraiso sa ikatlong Langit. *Kaya ang paraiso, ang dakong iyon ng mga banal pagkatapos ng kamatayan, ay binago pagkatapos ng kamatayan at ang pagkabuhay na mag uli ni Jesus mula sa kalaliman ng lupa patungo sa ikatlong Langit.*

Si Cristo ang unang binuhay mula sa pagkamatay, kung gayon kapag Siya ay pumarito ang mga namatay para kay Cristo, ang mga banal na nasa ikatlong Langit, ang kanilang mga katawan ay mabubuhay pagkatapos, sa gayon tayo na nabubuhay pa at sa Kanyang pagparito ay sasalubungin sa alapaap gaya ng mababasa natin dito sa Banal na Kasulatang ito: ***"20 Datapuwa't si Cristo nga'y muling binuhay sa mga patay na siya ay naging pangunahing bunga ng nangatutulog. 21 Sapagka't yamang sa pamamagitan ng tao'y dumating ang kamatayan, sa pamamagitan din naman ng tao'y dumating ang pagkabuhay na maguli sa mga patay. 22 Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin. 23 Datapuwa't ang bawa't isa'y sa kaniyang sariling katayuan; si Cristo ang pangunahing bunga; pagkatapos ay ang mga kay Cristo, sa kaniyang pagparito." (1 Corinto 15:20-23 KJV) "13 Nguni't hindi namin ibig na kayo'y di makaalam, mga kapatid, tungkol sa nangatutulog; upang kayo'y huwag mangalumbay, na gaya ng mga iba, na walang Pagasa. 14 Sapagka't kung tayo'y nagsisisampalatayang si Jesus ay namatay at nabuhay na maguli, ay gayon din naman ang nangatutulog kay Jesus ay dadalhin ng Dios na kasama niya. 15 Sapagka't ito'y sinasabi namin sa inyo sa salita ng Panginoon, na tayong nangabubuhay, na nangatitira hanggang sa pagparito ng Panginoon, ay hindi tayo mangauuna sa anomang paraan sa nangatutulog. 16 Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli; 17 Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man. 18 Kaya't mangagaliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito." (1 Tesalonica 4:13-18 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Kaya ngayon mapapagpasyahan natin ang sumusunod: *Pagkatapos ng pagkamatay ng mga tagasunod ni Cristo, ang kanilang katawan ay ililibing sa lupa, ngunit ang kanilang espiritu ay dadako sa Dios, at ang kanilang mga kaluluwa ay aakyat sa paraiso ng Dios sa ikatlong Langit. Habang ang masasama pagkatapos ng kanilang kamatayan, ang kanilang katawan ay ililibing, ang kanilang espiritu ay babalik sa Dios, ngunit ang kanilang kaluluwa ay dadalhin sa impierno, na nasa ilalim ng lupa, upang pahirapan. Ang kalagayan at ang gayong kaayusan ay magpapatuloy hanggang sa pangalawang pagparito ni Cristo.*

*Samakatuwid, tayo ay mahikayat dito sa pagkabuhay ni Cristo, upang kapag Siya ay pumarito ay makakasama natin Siya. Kaya ngayon ay ipamuhay natin ang ating buhay para sa Kanya sapagkat may magandang kinabukasan na naghihintay sa atin sa Kanyang pagparito at sa buhay na walang hanggan na ating matatamasa na mabuhay kasama Niya sa Langit at magpakailanman.*

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong salita na ginawang malinaw sa akin ang mga bagay tungkol sa pagkabuhay at ang buhay pagkatapos ng kamatayan.*

*Ating ipagtapat at talikuran ang ating mga kasalanan, upang tayo'y maging handa kapag si Cristo ay pumarito upang kunin tayo kasama Niya sa Langit.*

*Panginoon patawarin ako sa mga sumusunod na mga kasalanan ________________________*

*Ating ipangako ngayon ang ating sarili sa kabanalan sa paggawa ng buong kalooban ng Dios, Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na lumakad sa Espiritu at sundin ang iyong mga daan at ang iyong mga utos sa aking buhay, ninanais na isang araw ay makakasama ka at magpakailanman. Panginoon hanggang sa sandaling ito na makatagpo ka, Panginoon panatilihin ang aking isip at mga saloobin at gabayan mo ako na gawin ang iyong kalooban at anumang itinakda mo para sa akin na gawin hanggang sa pumarito ka at dalhin ako kasama mo sa Langit.*

*Panginoon pagpalain ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang buhay na mamuhay para sa iyo. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang espirituwal na mga kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay upang magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at patnubayan kami at buksan ang bagong mga pintuan upang mag evangelio at gumawa ng bagong mga alagad. Panginoon pagpalain at tuparin ang pananaw ng simbahan na ibinigay mo sa amin, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami na magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoon Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com